



International Network for Economic, Social & Cultural Rights
Red Internacional para los Derechos Económicos, Sociales y Culturales
Réseau international pour les droits économiques, sociaux et culturels
الشبكة العالمية للحقوق الاقتصادية والاجتماعية و الثقافية

Para sa kagyat na paglalabas

Pilipinas: Sistematikong Kriminalisasyon ng mga Nagtataguyod sa Karapatang-tao

Internasyunal na organisasyon nanawagan sa Gubyerno ng Pilipinas na protektahan ang mga aktibista para sa karapatan mula sa mga harasment at intimidasyon

New York, Pebrero 11, 2016. Ang International Network for Economic, Social and Cultural Rights (ESCR-Net) ay nagpadala ngayon ng isang liham sa Pangulo ng Pilipinas para ipahayag ang matinding pagkabahala hinggil sa kriminalisasyon ng ilang mga nagtataguyod sa karapatang-tao, bilang bahagi ng sistematikong padron ng harasment at intimidasyon na pumupuntirya ng mga aktibista sa karapatang-tao sa bayan.

“Kami ay malubhang nababahala sa mga ulat na ang gubyerno ng Pilipinas ay ginagamit ang kriminal na mga paglilitis para supilin ang mga lider unyon at iba pang nagtataguyod sa karapatang-tao na may kaugnayan sa kanilang lehitimong gawain na pangalagaan ang mga karapatan sa paggawa at iba pang karapatang-tao,” pahayag ni Chris Grove, direktor ng ESCR-Net.

Ang liham, na suportado ng mahigit 220 organisasyon at 50 indibidwal sa 70 bayan, ay tumutuligsa sa sinasabing kriminalisasyon ng mga nagtataguyod na sina G. Renante Gamara, Gng. Amelita Bravante-Gamara at G. Roy Velez kaugnay sa kanilang gawaing itaguyod ang karapatan sa pagtatrabaho, maayos na kundisyon sa paggawa at nararapat na karapatan sa panirahan at kapaligiran.

Batay sa iniulat ng mapagkakatiwalaang mga pinagkukunan, ipinahahayag ang pagkabahala kaugnay sa paggamit, ng gubyerno ng Pilipinas, sa kriminal na mga paglilitis bilang pagdadahilan upang patahimikin at supilin ang mga nagtataguyod sa karapatang-tao, kabilang ang pamamaraan ng walang-batayang mga pagsasakdal. Ipinapaalala ng ESCR-Net na ang mga hakbanging ito ay nadadagdag sa hanay ng mga bilanggong pulitikal na kasalukuyang nakabilanggo sa Pilipinas.

“Ang Gubyerno ng Pilipinas ay may moral na responsibilidad at ligal na obligasyon na galangin, protektahan at ipatupad ang mga karapatang-tao, kabilang ang mapayapang pagtitipon at pagsasama-sama, karapatan sa kalayaan at seguridad ng indibidwal, at pagkakapantay-pantay sa harap ng hukuman,” sabi ni Grove.

Nananawagan ang ESCR-Net sa Gubyerno ng Pilipinas na gawin ang maagap, independyente at walang-pinapanigang imbestigasyon sa sirkumstansya na humantong sa pagsasakdal laban sa tatlong aktibista at sinumang indibidwal sa bayan na lumalahok sa gawaing karapatang-tao. Iginigiit din ng Network sa Pilipinas na gawin ang lahat ng kinakailangang hakbang para protektahan laban sa mga akto pa ng pagmamanman, harasment, intimidasyon, at karahasan laban sa mga indibidwal at organisasyon na may

kaugnayan kina G. Gamara, Gng. Bravante-Gamara, at G. Velez at sa lahat ng iba pang nagtataguyod sa karapatang-tao sa bayan.

Ang kumpletong liham ay makukuha sa XXXX.

Tungkol sa ESCR-Net

Ang International Network for Economic, Social and Cultural Rights (ESCR-Net) ay nag-uugnay sa mahigit 270 NGO, mga kilusang panlipunan at aktibista mula sa 70 bayan sa buong mundo, na naglalalatag ng isang estratehikong palitan at kolektibong adbokasiya para itatag ang isang pandaigdigang kilusan upang gawing makatotohanan ang karapatang-tao at hustisyang panlipunan para sa lahat. Para sa dagdag na impormasyon bisitahin ang www.escr-net.org.

Para sa karagdagang impormasyon

- **Nicolette Gamara** (Tagalog/English)
Defend Job Philippines at Tambuli ng Mamamayan Network
Tel. +639491579969
- **Sergio Rozalén** (English/Spanish)
ESCR-Net
srozalen@escr-net.org